

PANGKALAHATANG IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

Upang makaboto sa pangkalahatang halalan sa Nobyembre 3, 2020, kailangan na ikaw ay magpatala sa Tagapagrehistro ng mga Botante bago mag-Lunes, Oktubre 19, 2020. Maaari kang kumuha ng isang *form* sa pagpapatala ng botante sa Tanggapan ng Koreo, Pamublikong Aklatan, Munisipyo (2180 Milvia), Kagawaran ng Sasakyang may Motor (Department of Motor Vehicles), o sa Tagapagrehistro ng mga Botante, o *online* sa <http://www.acgov.org/rov/registration.htm>.

MGA MAHAHALAGANG PETA SA MGA BOTANTE

Lunes Oktubre 5 **MGA BALOTANG VOTE-BY-MAIL (BUMOTO SA KOREO)**

Unang araw na maaring ilabas ang mga *Vote-by-Mail* na mga *Balota* ng Tagapagrehistro ng County ng Alameda at pagbotohan. Bawat botante ay tatanggap ng isang aplikasyon para sa *Vote-by-Mail* na balota na nasa likod ng halimbawang balota na matatanggap nila sa koreo. Mayroon ding mga Aplikasyon na makukuha *online* sa:
<http://www.acgov.org/rov/>

Lunes Oktubre 19 **PAGSASARA NG REHISTRASYON NG BOTANTE**

Ito ang huling araw na maaari kang magparehistro upang maging karapat-dapat na bumoto sa halalang ito. Kung ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos, hind nakapiit sa kulungan at hindi nasa labas dahil sa parol sanhi ng isang mabigat na kasalanan, at kung ikaw ay magiging 18 taong gulang bago ang o sa Araw ng Halalan, ikaw ay kuwalipikadong magpa-rehistro upang makaboto.

Martes Nobyembre 3 **ARAW NG HALALAN**

Ang botohan ay magbubukas ng alas 7:00 ng umaga at magsasara ng alas 8:00 ng gabi. Ang lugar kung saan ka boboto ay nakasulat sa halimbawang balota na matatanggap mo sa koreo.

MAHALAGANG IMPORMASYON NG KONTAK

Kagawaran ng Klerk ng Lungsod
(City Clerk Department)
2180 Milvia Street, 1st Floor
Berkeley, CA 94704
(510) 981-6900 Telepono
(510) 981-6903 TDD
(510) 981-6901 FAX
www.cityofberkeley.info/clerk
elections@cityofberkeley.info


County ng Alameda
Tanggapan ng Tagapagrehistro ng mga
Botante (Registrar of Voters Office)
1225 Fallon Street, Rm. G-1
Oakland, CA 94612-4283
(510) 267-8683 Telepono
(510) 208-4967 TDD
(510) 272-6982 FAX
<http://www.acgov.org/rov/>

MAGING ISANG MANGGAGAWA SA BOTOHAN!!!

Ang mahalagang katungkulan na ito ay angkop sa sino man na gustong alamin ang pagpapatakbo ng proseso ng botohan, habang nagbibigay sa mga kapit-bahay ng pagkakataong makaboto, at tumatanggap ng kabayaran!

Ang mga botante na MAY DALAWANG WIKA o may alam na iba pang wika ay hinihikayat na mag-apply!

Kung interesado ka na maging isang Manggagawa sa Botohan, tawagan ang county sa (510) 272-6971, o punan ang aplikasyon *online* sa:
<https://www.acvote.org>



IMPORMASYON UKOL SA HALALAN

PANGKALAHATANG HALALANG PANG-MUNISIPAL

NOBYEMBRE 3, 2020

IMPORMASYON NG KANDIDATO

Ang isang rehistradong botante ng Lungsod ay maaaring maging nominado at tumakbo para sa isa sa mga sumusunod na posisyon:

Alkalde, Konseho ng Lungsod ng mga Distrito 2, 3, 5, 6; Direktor ng Paaralan (2 posisyon); Komisyoner ng Lupon ng Pagpapatatag ng Rentang (4 na posisyon)

Ang takda ng bawat katungkulan ay may bisa lamang mula sa panahon ng Disyembre 1, 2020 hanggang Nobyembre 30, 2024.

MGA MAHAHALAGANG PETA SA MGA KANDIDATO

**Biyernes
Mayo 29** **PIRMA SA HALIP NA BAYAD
PARA SA PAGHAHAIN**
Unang araw para sa pagkuha ng Pirma sa Halip na bayad para sa paghahain ng pormularyo ng petisyon mula sa Klerk ng Lungsod.

**Lunes
Hulyo 13** **PAGBUBUKAS NG MGA
NOMINASYON**
Unang araw na ang mga Papeles ng Nominasyon ay maaring makuha sa Klerk ng Lungsod.

**Biyernes
Agosto 7** **MAGSASARA ANG MGA
NOMINASYON**
Huling araw para sa paghahain ng mga Papeles ng Nominasyon sa Klerk ng Lungsod. Lahat ng mahahalagang dokumento ay dapat na maihain na sabay-sabay.

**Sabado
Agosto 8** **EKSTENSYON NG
NOMINASYON**
Ang panahon ng paghahain ay pahahabain para lamang sa mga hindi kasalukuyang nanunungkulan (*non-incumbents*) at kung ang isang nanunungkulan (*incumbent*) na karapat-dapat na muling maihalal ay hindi nakapaghain bago mag-Agosto 7 lamang.

MGA KAILANGAN PARA SA PAGHAHAIN NG KANDIDATURA

LUGAR NG TIRAHAN

Ang isang kandidato ay kailangang maging isang mamamayan ng Estados Unidos at isang rehistradong botante ng Estado ng California at ng Lungsod ng Berkeley sa oras ng pag-isyu ng mga papeles ng nominasyon. Bawat kandidato para sa Konseho ng Lungsod ay dapat na maging isang residente ng kanyang distrito sa loob ng 30 araw kasunod ng petsa ng paghahain para sa pagkandidato, at kailangang manatiling nakatira sa loob ng distrito sa panahon ng kanyang pamamahala.

PAPELES NG NOMINASYON

Ang bawat kandidato ay kailangang maging nominado nang hindi bababa sa 20, at hindi lalagpas sa 30, na mga rehistradong botante. Ang mga kandidato para sa posisyon sa distrito ay kailangang maging nominado ng mga rehistradong botante ng distrito. Ang isang kandidato ay maaaring pumirma ng kanyang papeles ng nominasyon. Walang botante ang maaaring pumirma ng mahigit pa sa isang papel ng nominasyon para sa parehong posisyon. Ang bawat posisyon ng mga namamahalang pangasiwaan ay itinuturing na magkahiwalay na opisina.

PAHAYAG NG KANDIDATO

Ang isang kandidato ay maaaring maghanda ng isang pahayag ng mga katangian (kasama na ang litrato at mga masasangguni o mga reperensiya) para maisama sa Patnubay ukol sa Impormasyon ng Botante (Voter Information Guide) na ipapadala sa koreo sa lahat ng mga rehistradong botante. Kailangang ma-isumite ang pahayag sa kasabay na panahon na ang mga papeles ng nominasyon ay naihain.

BAYAD PARA SA PAGHAHAIN

Ang mga kandidato ay kailangang magbayad ng deposito para sa paghahain (*filing fee deposit*) na \$150 sa panahon na ini-isyu ang mga papeles ng nominasyon. Ang kandidato ay maaaring magsumite ng mga pirma sa halip na bayad para sa paghahain.

PAHAYAG PARA SA MGA INTERES SA EKONOMIYA

Ang pahayag para sa mga interes sa ekonomiya ay dapat na ihain kasabay ng panahon ng paghahain sa mga papeles ng nominasyon.

MGA ULAT NG PAGHAHAYAG NG KAMPANYA

Ang mga kandidato ay kailangang maghain, sa Klerk ng Lungsod, ng isang pabatid ng intensyon na tatakbo para sa isang posisyon, at gumawa ng *account* sa bangko kung sila ay makakaipon o gagastos ng \$250 o higit pa. Ang bawat kandidato at komite ay kailangan din na maghain ng mga pahayag ng kampanya at kopya ng maramihang sulat (*mass mailings*) sa Klerk ng Lungsod sa buong panahon ng halalan. Ang mga komite na makakaipon o gagastos ng \$1000 o mas mahigit ay kailangan na elektronikong maghain. Ang mga kopya ng mga hain na ito ay maaaring makuha para ma-inspeksyon ng publiko sa Opisina ng Klerk ng Lungsod at makikita na sa website ng Lungsod. Maaaring makakuha ng mga pampublikong pondong panumbas ang mga kuwalipikadong kandidato.

SAHOD

Ang Alkalde ay tumatanggap ng suweldo na \$5,108 kada buwan. Ang Miyembro ng Konseho ay tumatanggap ng \$3,225 kada buwan. Ang mga Direktor ng Paaralan ay tumatanggap ng \$1,500 kada buwan. Ang mga Komisyoner ng Lupon ng Rentang ay tumatanggap ng \$500 kada buwan.

RANKED-CHOICE VOTING O PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG INIRANGGONG PAGPILI

Ang mga botante ng Berkeley ay gumagamit ng *Ranked-Choice Voting* (RCV) simula noong Nobyembre 2010. Sa pamamaraang ito, hinahayaan ang mga botante na i-ranggo ang mga kandidato ayon sa pagkakasunud-sunod na kanilang nagugustuhan, at inaalis ang pangangailangan na magkaroon pa ng isang pag-uulit o *run-off* na halalan.

Sa 2020, ang mga botante ng Berkeley ay gagamit ng RCV upang maghalal sa mga posisyon ng Alkalde at Konseho ng mga Distrito 2, 3, 5, 6. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa *Ranked-Choice Voting* ay makikita sa: <http://www.acgov.org/rov/rcv/>